

Bakit Mataas ang Langit?

Noong unang panahon, mababa lang ang langit. Puwede itong maabot kahit gamit lamang ang isang patpat. Ginawa itong mababa ng Diyos para madali niyang marinig ang kahilingan ng mga tao. Madali rin niyang naibibigay ang kailangan nila. Dahil sa mababa ang langit, lahat ng hilingin ng tao ay naibibigay agad sa kanila. Hindi na nila kailangang kumilos at maghanapbuhay.

“Panginoon, gusto na po naming mananghalian.”


“Panginoon, kailangan po namin ng mga bagong kasuotan.”

Isang tawag lang sa Diyos ay agad naibibigay ang hiling ng mga tao. Kung minsan, nauuna pang dumating ang biyaya bago sila humiling.

Ngunit sa kabila ng kasaganaang ito ay hindi nakontento ang mga tao. Humiling pa sila nang higit sa kanilang kailangan. Natuto silang kumuha at magtago ng mga bagay na hindi sa kanila. Naging makasarili at maramot din sila.

“Panginoon, dagdagan mo pa ang mga alahas namin.”





“Panginoon, itatago ko na lang ang ulam kay Mang Kadyo. Matatakaw kasi ang mga anak niya.”


“Panginoon, nawawala ang isang hikaw ko!”


Nagalit ang Diyos sa ginawa ng mga tao.

“Dahil sa naging makasarili kayo, simula ngayon ay bahala na kayo sa buhay ninyo,” galit na pahayag ng Diyos.

Unti-unting nawala ang mga ibinigay ng Diyos. Unti-unti, natutong magtrabaho ang mga tao. Kinailangan pa nilang pumunta sa kabilang bundok para maghanap ng pagkain. Kinailangan din nilang maghabi ng sariling kasuotan at magtayo ng sariling bahay. Pero kahit nahihirapan, nagawa pa rin nilang magpahinga ng isang araw sa loob ng isang linggo para magtipon at magsaya.

Isang araw, nagkaroon ng masayang salo-salo. Lahat ay dumalo. Si Tandang Igmo, isang *maaram* o pinakamatalinong matanda sa kanilang lugar ang nagsimula ng seremonya bilang alay sa mga diyos at diyosa. Limang pares ng





matitipunong lalaki sa angkan ng mga maaram ang nagsagawa ng *sayaw* o katutubong sayaw-pandigma. Gamit ang sibat, dinuduro-duro ito ng mga lalaking mananayaw sa kani-kaniyang kapareha kasabay ng pag-indak.

“Ayeeeeehhh...!!! Ayeeeehhh...!!” sigaw ng mga lalaki.

Sa kalagitnaan ng pagsasayaw, isang mananayaw na lasing na pala ang nagpakitang gilas. Lumundag-lundag ito. Nakalimutan niya na ang langit ay mababa. Nang tinangka niyang iduro ang sibat sa kapareha ay bahagyang napunit ang langit at nasugatan ang isa sa mga diyosa. Galit na galit ang Diyos. Kaya itinaas niya ang langit nang malayong-malayo sa lupa.

